



## Paghahanda para sa Emerhensya

Maaaring mangyari ang mga emerhensya sa anumang oras, at mahalagang maging handa. Ang pakikipag-ugnay sa iyong support team at pagbuo ng supply kit na pang-emerhensya at plano sa paglikas ay mahusay na mga unang hakbang para maging handa sa mga posibleng emerhensya.

### 1) Makatanggap ng mga Alerto at Kilalanin ang Iyong Support Team

- Mag-sign up para sa mga alerto sa lokal na emerhensya.
- Makipag-ugnay sa mga propesyonal na direktang taga-suporta na nakikipagtulungan sa iyo at sa iyong tagapangasiwa ng serbisyo upang i-set up ang mga alerto.
- Makipag-usap sa mga propesyonal na direktang taga-suporta tungkol sa kung ano ang gagawin kung hindi mo sila kasama sa panahon ng emerhensya, at kung sino pa ang maaari mong hingan ng tulong.
- Kilalanin ang iyong lokal na mga kagawaran ng pamatay-sunog at pulisya.



### 2) Maghanda ng Supply Kit Pang-emerhensya

Dapat maging bahagi ng iyong kit ang mga sumusunod, ngunit maaaring may mga bagay kang nais idagdag:

- Tubig, 1 galon para sa bawat tao sa bawat araw;
- Pagkaing hindi napapanis, tulad ng mga de-lata;
- Flashlight at sobrang baterya;
- Kit para sa pangunang lunas;
- Mga N95 o surgical mask;
- Mga gamot at gamit pang-medikal;
- Mga gamit para sa sanitasyon at personal na kalinisan;
- Mga kopya ng mahahalagang personal na dokumento;
- Charger ng cell phone;
- Impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa emerhensya;
- Ekstrang cash na maliliit ang halaga tulad ng \$1 at \$5;
- Mga kumot na pang-emerhensya;
- Mapa ng bayan or lugar;
- Ekstrang set ng susi ng bahay at sasakyan
- Ekstrang kasuotan; at
- Ilang mga kagamitan na nakakalibang tulad ng baraha at laro.



### 3) Gumawa ng Plano sa Paglikas sa Panahon ng Emerhensya

Dapat kabilang sa planong ito ang:

- Mga pangalan, numero ng telepono, at email ng:
  - Impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa lokal na emerhensya
  - Impormasyon sa pakikipag-ugnay para sa emerhensyang mula sa ibang bayan
  - Support team (DSP, tagapangasiwa ng serbisyo ng RC)
  - Mga kasapi ng pamilya
  - Ang iyong mga doktor
  - Mga lokal na kagawaran ng pamatay-sunog at pulisya
- Listahan ng iyong impormasyong pangkalusugan at mga gamot na iniinom at dinadala mo:
  - [Pasaporteng Pangkalusugan](#)
- Mapa ng iyong tahanan at kung saan lilikas kung kailangan mong iwanan ang iyong tahanan.



### 4) Sanayin ang Iyong Plano

Mas hindi gaanong nakakatakot ang isang emerhensya kapag nagsasanay sa iyong planong pang-emerhensya. Makipag-ugnay sa iyong support team at hilingan sila na magsanay kasama mo. Tingnan ang website ng DDS upang tiyakin na handa na ang iyong kit na pang-emerhensya.

### Huwag matakot, maging handa!

Link sa Website ng DDS Tungkol sa Paghahanda sa Emerhensya:  
[Emergency Preparedness - CA Department of Developmental Services](#)

Link sa Website ng mga Alerto sa Pagkawala ng Kuryente para sa Pampublikong Kaligtasan ng CA:  
[Public Safety Power Shutoff – What You Can Do to Prepare \(prepareforpowerdown.com\)](#)

